

# From the Experience of Cambodia (1975–1979): Reflections on a Journey Through the Khmer Prison Cells and Execution Sites

## *Mula sa Karanasan ng Cambodia (1975–1979): Mga Repleksiyon sa Paglalakbay hinggil sa Bartolina at Pook-Eksekusiyon ng mga Khmer*

Axle Christien J. Tugano<sup>1</sup> 

Baliwag Polytechnic College, Philippines

### ARTICLE HISTORY

Received: January 12, 2026

Accepted: March 13, 2026

Published: April 30, 2026

### ABSTRACT

*This travel narrative aims to document, in an academic manner, the history of Cambodia between 1975 and 1979, with particular emphasis on the atrocities that occurred under the Khmer Rouge regime led by the Communist Party of Kampuchea under Pol Pot. While the historical knowledge presented herein is likewise available in existing scholarly works, this account distinguishes itself by integrating the author's dual perspective as both a traveler and a historian. Drawing from the author's personal experiences, the narrative foregrounds the lived realities of the Khmer people, particularly their suffering in prisons and the so-called killing fields. At the same time, it situates these experiences within a broader comparative framework by reflecting on contemporaneous developments in Philippine history, specifically the proclamation of Martial Law.*

**Keywords:** Travel Narrative, Khmer Rouge Regime, Cambodia (1975–1979), Political Violence and Genocide, Southeast Asia, Cambodian Contemporary History

### I. INTRODUKSIYON: ALAALA NG KARAHASAN

Bago ang eleksiyong pampangulohan noong 2022 sa Pilipinas, higit pa sa mga kampanyang politikal, masigasig na nagsikap ang ilang progresibong organisasyon, mamamahayag, kritiko, at mga aktibista na palawakin ang kamalayan at kaalaman ng publiko hinggil sa mapanupil na kalagayan ng Pilipinas noong ideklara ang Proclamation No. 1081 o Batas Militar noong 1972 ng noo'y diktador na si Ferdinand Edralin Marcos Sr. Noon ding 2022, ipinagluluksa ng sambayanan ang ika-50 anibersaryo ng deklarasyong ito, dahilan upang higit na paigtingin ang mga inisyatibang turuan ang kabataang Pilipino tungkol sa kabuluhang historikal at nagpapatuloy na implikasyon ng 1972 sa kasaysayan. Ang mga ulat at/o talaang inilabas ng Amnesty International (2022)—na nagdokumento ng malawakang pag-aresto, pagkakakulong, tortyur,

doi: 10.5281/zenodo.19913477

<sup>1</sup>Corresponding Author: [acjtugano.ph@gmail.com](mailto:acjtugano.ph@gmail.com)

pagkawala (*desaparecidos*), at *extrajudicial killings* sa mga kritiko ng batas militar, ay siyang madalas na binabanggit o sinisipi sa mga pampublikong talumpati, kilos-protesta sa lansangan, at maging sa mga talakayan at debate sa *social media*. Sa panahon ding ito, ako, kasama ang aking mga dating kasamahang propesor sa University of the Philippines (UP) Los Baños at De La Salle University, ay kasalukuyang sumusulat ng isang proyektong komemoratibong aklat na tumatalakay sa mga talambuhay ng mga naging kasabwat at kritiko ng batas militar sa Pilipinas (cf. Javar *et al.*, 2022).

Sa proseso ng pagsusulat, tila naramdaman ko ang tinatawag na *vicarious trauma*, konseptong natutuhan ko mula sa aking propesor na si Dr. Maria Dulce Natividad sa Asian Center, U.P. Diliman, habang binabasa at sinasaliksik ang mga naging karanasan ng ilang kritiko ng batas militar tulad nina Lean Alejandro at Edgar Jopson, na kapwa pinaputukan ng militar sa ulo at mukha; Ma. Lorena Barros, na binaril sa batok; ang paglaslas sa katawan at puki ni Liliosa Hilao kung saan ang kaniyang utak at bituka ay ibinabad sa *muriatic acid*; at ang kapalaran ng mag-amang sina Primitivo at Boyet Mijares, na kapwa pinahirapan, pinaslang, at itinapon sa dagat at/o kagubatan mula sa himpapawid (Javar *et al.*, 2022). Bukod dito, may iba pang uri ng tortyur na kinasapitan ang ilang mga biktima, gaya ng pagpapaso ng sigarilyo, pananampal at/o pambubugbog, pagpitpit sa titi at bayag, at pagkukuryente (*electrocution*), bukod sa iba pa. Lalo pang tumindi ang aking takot nang bumalik sa Malacañang ang pamilya Marcos matapos manalo sa halalan (*landslide vote*) si Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr., anak ng yumaong diktador.

Upang pansamantalang makalimutan ang kabiguan ng sambayanang Pilipino, naglakbay ako patungo sa rehiyon ng Indochina ilang buwan matapos ang eleksiyon. Sa loob ng mahigit isang dekada ng aking paglalakbay sa iba’t ibang panig ng mundo, nakapaglibot na ako sa sampung bansa sa Timog-Silangang Asya nang dalawa hanggang apat na beses. Para sa ilan, marahil ang paglalakbay ay nagdudulot ng saya at kasiglahan, sapagkat nagbibigay ito ng natatanging pagkakataon na lumikha at/o magkuwento ng mga di-malilimutang alaala sa mga di-kilalang lugar. Sabi nga ni Cristina Pantoja-Hidalgo (2020):

All travel writing is, in a sense of translation. Travelers come to an unknown place and try to translate it, to make it comprehensible, for themselves first, and then for their readers.

Gayumpaman, salungat ito sa aking naging paglalakbay. Ang sakit at kabiguan na aking naranasan sa Pilipinas ay hindi tuwirang naglaho nang marating ko ang Indochina. Kundi patuloy na naroroon—kaipala, simula pa lamang ito ng mas malalim at nagpapatuloy na sakit sa dilim ng kasaysayan. Ang layunin ng lakbay-salaysay na ito, samakatuwid, ay upang pagmuni-munihan at bigyang-simpatiya ang isang trahedyang yugto sa kasaysayan ng Cambodia noong dekada 1970, isang panahon na halos kasabay ng deklarasyon ng Batas Militar sa Pilipinas. Ngayong 2025, ginugunita rin ng Cambodia ang ika-50 taong pagkakabagsak ng Khmer noong 1975 sa kamay ng isang brutal na diktador. Mahalagang malinang sa mga Pilipino ang mas malalim na kamalayan at kaalaman hinggil sa mga pangyayaring nagaganap sa iba’t ibang panig ng daigdig—

maging ito man ay geograpikong malapit o malayo sa bansa. Sa pamamagitan nito, napauunlad ang mga pagpapahalagang tulad ng simpatiya, malasakit, at kawanggawa. Kaugnay nito, sa isang pahayag ng mamamahayag na si Atom Araullo sa isang dokumentaryo tungkol sa mga Rohingya Muslim ng Myanmar, kaniyang binigyang-diin:

Gusto ko rin basagin yung tendency ng iba nating mga kababayan na kapag hindi nangyari within our borders, puwede nating kalimutan, puwede natin sabihing malayo naman sa atin, hindi tayo apektado, 'di natin binabasa, hindi natin iniintindi. These things happen because people don't take notice, and we have to learn from that. I think it's a responsibility of each and every citizen of the world... (GMA Integrated News, 2017)

Bagama't hindi bago ang kaalamang historikal na tatalakayin dito, sapagkat ito'y nailathala na sa iba't ibang babasahing pangkasaysayan, natatangi ang lakbay-sanaysay na ito dahil layunin nitong gawing mas madaling maunawaan at maabot ng mas nakararaming mambabasa ang impormasyon at kaalaman tungkol sa Cambodian genocide sa wikang Filipino. Bukod sa mga akademikong pananaliksik hinggil sa Cambodia na naisulat sa wikang Filipino (Buenaventura, 2024; Miguel & Perida, 2024), iilan lamang din ang mga lakbay-sanaysay tungkol sa bansang ito na isinulat sa Filipino. Maaga sa mga ganitong akda ang paglalahad ng paglalakbay sa anyo ng tula ni John Iremil Teodoro (2019–2020) sa Cambodia – ang “Limang Tulang Cambodia” – kung saan mababasa ang mga piyesang “Pagdating sa Phnom Penh,” “Mukha Linga,” “Mga Lotus sa Tabing-Kalsada,” “Ta Prohm,” at “Angkor Wat.” Samantala, ang pinakabagong halimbawa ay ang sanaysay ni Sebastian (2023).

## II. PAGTAWID MULA KROG BAVET PATUNGONG PHNOM PENH

Ayon sa gunita ng paglalakbay ng *public historian* na si Michael Charleston “Xiao” Chua (2023) noong kaniyang binisita ang War Remnants Museum sa Ho Chi Minh City (Saigon), Vietnam, kaniyang nasaksihan ang labis na trahedyang pagdurusang tinamo ng mga sibilyang Vietnamese sa mahabang yugto ng digmaan. Sa napakaraming karahasan noong Digmaang Vietnam (1955–1975) sa Indochina, nananatiling isa sa pinakabangungot na pangyayari ang pagpatay sa mga sibilyan, partikular ang My Lai Massacre noong 1968. Isa pang hindi makalilimutang aspekto ng digmaan ay ang operasyong *Agent Orange* (Sills, 2014). Isang nakalalasang *herbicide* ang pinakawalan ng puwersang anti-komunismong mga Amerikano laban sa mga katunggali, na nagresulta sa pagpapakawala ng higit sa 20 milyong galon ng nakalalasang kemikal sa mga kagubatan kung saan nagkakanlong ang mga sundalong North Vietnamese at Viet Cong. Ang pangmatagalang epekto ng operasyong ito ay labis na nakaapekto sa kalusugan ng lokal na populasyon; higit lalo, nagdulot ito ng iba't ibang malalang sakit at mga depektong genetiko sa katawan ng mga sumunod na henerasyon.

Ang emosyonal na tensiyon at labis na bigat ng loob na aking nagunita sa museo sa Vietnam ay nanatili sa akin nang lisanin ko ang nasabing bansa. Sa mga sumunod na

araw, naglakbay ako sa Cambodia, tumawid mula sa hanggahan nito sa Vietnam sa Moc Bai patungong Krong Bavet, sakop ng lalawigang Khmer ng Svay Rieng. Mula sa hanggahan, tumagal pa ang paglalakbay ng humigit-kumulang tatlong oras bago marating ang kabiserang Phnom Penh. Ito ang aking ikatlong pagbisita sa Cambodia, matapos makapaglibot sa Siem Reap, Kampot, Battambang, at Kep sa mga nakaraang taon (cf. Tugano, 2020, 2021a). Nang muling marating ang Phnom Penh, tila hindi nagbago ang lungsod; nananatili pa rin ang parehong bigat, lungkot at tahimik na atmospera na aking naobserbahan anim na taon na ang nakalilipas—tila isang kapaligirang puno ng kasaysayang naghihintay na buklatin ng sinomang nagnanais itong tuklasin.

Habang aking isinusulat ang gunitang ito, bigla kong naalala ang lakbay-salaysay ng Feminista na si Nancy Kimuell-Gabriel (2023) ukol sa kaniyang pagbisita sa Alemanya noong 1993, sariwang panahon nang buwagin ang Berlin Wall bilang tanda ng reunipikasyon ng dalawang bansa. Sa kaniyang dila, pinalitaw ni Kimuell-Gabriel (2023) ang obserbasyong higit na maganda aniya ang mga gusali, transportasyon, at samakatuwid, moderno ang Kanluran kompara sa pagiging “simple at *gray*” ng Silangan. Ito rin marahil ang nakita kong matinding kaibahan ng Phnom Penh at ng makulay at masiglang destinasyong pangturista ng Siem Reap—ang nagkakanlong sa dakilang templo ng Angkor Wat. Hindi kalabisang sabihing tahimik at mabigat para sa akin ang Phnom Penh, kaya’t ito ang malaong nagdala sa aking agam-agam kung bakit ang ilang Pilipinong manlalakbay na kilala ko, sa tuwing pumupunta sa Indochina, kanilang nilalaktawan ang Phnom Penh at agarang tumutungo sa Siem Reap pagkatapos bisitahin ang Saigon.

Gayumpaman, mahalagang makilala ang Phnom Penh sa pagiging saksi ng madilim na kasaysayan ng Cambodia. Sa pagitan ng mga taong 1975 at 1979, naranasan ng lungsod ang mga kakila-kilabot na pangyayari sa ilalim ng rehimeng Khmer Rouge, na pinamunuan ng Communist Party of Kampuchea (*daglat* CPK). Panahon ito kung kailan dumaan ang Cambodia sa isang malawakang pagpatay o mas kilala bilang genocide. Ang mga pisikal at emosyonal na sugat ng trahedyang ito ay tila makikita pa rin sa pinta ng lungsod at sa mga taong narito, halos kalahating siglo na ang nakararaan. Ang mga natirang sugat at takot sa kanilang kamalayan ay nagtutulak sa akin upang pagnilayan ang mga pahayag na karaniwang naririnig ko sa mga pandaigdigang midya at sa ilang political analyst, na nagsasabing ang pag-unlad ng Cambodia ay naantala at/o umatras dulot ng nasabing genocide. Ang nosyong ito, lalo na kung ihahambing sa sistema ng edukasyon (Headley, 2018), ay nangangailangan ng makatarungang pagninilay, sapagkat ipinahihiwatig nito na ang Cambodia, kompara sa mga karatig-bansa sa Timog-Silangang Asya—halimbawa, ang kasabayan nitong Thailand, ay nagkaroon ng malaking kakulangan at suliraning ibangon ang kaharian tungo sa modernisasyon.

### III. ANG KHMER ROUGE AT ANG NATITIRANG EPEKTO NITO

Sa ilalim ng panunungkulan ng tatlong hari—sina Haring Norodom, Sihanouk, at Suramarit—dumaan ang Cambodia sa isang transisyon mula sa pagiging satellite ng Indochinang Pranses tungo sa ganap nitong paglaya noong 1953. Bagama’t unang

nagdeklara si Sihanouk ng neutralidad at samakatuwid, tumanggap ng ugnayan at tulong kapwa sa mga komunista at demokratikong paksiyon, napabayaang ng kaharian ang malayang pagpasok ng mga Vietnamese sa Cambodia noong Digmaang Vietnam. Oportunidad ito para kay Marshal Lon Nol, na noon ay sinuportahan ng mga anti-komunistang Amerikano, na pamunuan ang Cambodia habang pinalayas si Sihanouk ng kaniyang sariling mga kababayan. Si Sihanouk ay humingi ng tulong mula sa puwersa ng Unyong Sobyet at Tsina (Summers, 1972). Hindi nagtagal, pinatalsik din si Lon Nol, at agarang pinalitan ng Khmer Rouge (Red Khmer) bilang bagong rehimen, na sinuportahan naman ng Unyong Sobyet at Pulang Tsina.

Sa puntong ito, lumitaw ang ultranasyonalista at diktador na tubong Kampong Thom na si Saloth Sar o mas kilala bilang “Pol Pot” (Politique Potentielle/Potential Politics). Ninais niya ang utopikong pagbabago sa Cambodia at ang agarang paglusaw sa umiiral na panlipunang pagkakahati-hati. Sa kabila ng limitadong kaalaman sa mga ideolohiyang Maoist-Leninist, nakuha niya ang malawakang suporta mula sa mga manggagawang masa, na noon ay galit sa mga elite at panginoong maylupa. Itinatag niya ang CPK at pinalitan ang pangalan ng kaharian bilang Democratic Kampuchea. Ang mga pinuno ng Khmer Rouge, na kolokyal na tinatawag bilang Angkar Padevat, kung saan ang “Angkar” ay nangangahulugang “organisasyon,” ay nagsilbing piyesa ng totalitaryong rehimen (Chandler, 1986). Sila ang nagsimula ng sistematikong *campaign of terror* sa kaharian. Bilang pangunahing orchestrator, ang mga polisiya ni Pol Pot ay nagdulot ng pagkamatay ng halos isang-kapat ng populasyon ng buong Cambodia, kabilang na ang mga intelektuwal na itinuturing bilang kaaway ng CPK; mga mongheng Buddhist, at mga minorityang etniko. Bukod dito, malawakang itinakwil ni Pol Pot ang mga Kanluraning ideolohiya kabilang na ang edukasyon; ito ay habang siya ay naniniwala na makakamit ng Cambodia ang kaunlaran sa pamamagitan ng pagtustos at “pagpapaunlad” sa sariling agrikultura.

#### IV. MAAGANG INTERES SA USAPING GENOCIDE

Nagkaroon ako ng akademikong interes sa usapin ng genocide nang kinuha ko ang mga kursong *Diplomatic History* (HIST 3123) at *History of Africa* (HIST 3143) sa kolehiyo. Isa sa mga pangunahing tinalakay sa kurso ay ang 1994 Rwandan Genocide, isang patayang namagitan sa mga etnikong Hutu at Tutsi ng Rwanda (Thomson, 2017). Sa katunayan, si Roland A. Macawili ang nagpakilala ng kaganapang ito sa akin nang kinuha ko sa kaniya ang kursong *Local and Oral History* (HIST 3103). Noong hayskul pa lamang, naipakilala sa akin ng mga guro sa Araling Panlipunan ang kasaysayan ng mga anti-Semitikong polisiya ni Adolf Hitler at ang mga genocidal na karahasan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, partikular ang pamosong Auschwitz concentration camp. Gayumpaman, sa kabila ng geograpikong pagkalapit ng Cambodia at Pilipinas, naging limitado o kung hindi man, hindi ko talaga nasagap ang Cambodian genocide. Maraming salik ang nagkumbinsi sa akin upang lalong silipin ang kasaysayan ng Khmer Rouge at ang epekto nito.

Una, nangyari ito noong 2017 nang ako ay maglakbay patunong Poi Pet, Banteay Meanchey, Cambodia upang tawirin ang hangganan nito sa Thailand (Aranyaprathet, Sa Kaeo). Nagkaroon ako ng pagkakataong makipag-usap sa ilang lokal na nagbahagi ng

personal na karanasan sa madilim na yugto ng genocide. Isang konduktor ng bus mula Krong Kep ang nagkuwento kung paano tumakas ang kaniyang *ta* (lolo) at *yiey* (lola) mula sa Cambodia patungong Thailand noong panahon ng rehimeng Khmer Rouge, at hindi na muling nakabalik. Sa parehong linggo, nakipag-usap ako sa nakilalang si “Sarin,” isang tuktuk driver sa Monivong Boulevard na ang mga magulang ay naging biktima ng Angkar. Ang mga personal na salaysay na ito ay nagbigay sa akin ng sapantaha hinggil sa generational trauma na iniwan ng organisasyon. Bahagi ang kanilang mga karanasan ng aking isang binatbat na sanaysay na ipinawagi sa patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino (Tugano, 2021b).

Pangalawa, binasa ko ang mga akdang may kaugnayan sa paksa, kabilang ang *Survival in the Killing Fields* (1989) ni Haing Ngor, isang memoir ng isang genocide survivor, na aking binili sa paliparan ng Siem Reap. Ang firsthand account na ito ay nagpatindi ng aking pagkaunawa sa karanasan ng Cambodia sa ilalim ng Angkar.

Pangatlo, ang pagpapalabas ng pelikula sa Netflix na *First They Killed My Father* (Jolie, 2017), na idinirehe ng batikang aktres na si Angelina Jolie, ay lalong nagpatibay ng aking interes sa Cambodian genocide. Ipinakikita ng pelikula ang kuwento ng pitong ulilang magkakapatid na pinaghiwalay ng Angkar, habang itinatampok ang epekto ng madilim na kabanatang ito sa kasaysayang Khmer. Ang personal na koneksiyon ni Jolie sa Cambodia, kabilang ang kaniyang pag-ampon ng isang batang Khmer (Maddox Chivan), ay nakatulong din sa pagpapalawak ng pandaigdigang kamalayan tungkol sa usapin ng genocide (BBC News, 2017).

Ang tatlong salik na ito – mga iningatang salaysay mula sa mga Khmer, memoir, at pelikula – ay nagbigay sa akin ng nagsasanga-sangang pananaw sa Cambodian genocide at sa mas inklusibo at kabuoang konsepto mismo ng genocide. Noong 2017, nagaganap din ang genocide sa Myanmar laban sa mga Rohingya Muslim. Ito ang lalo pang nagpatindi ng aking interes sa pagbabasa ukol sa genocide. Dinagdagan pa ito lalo ng lumalalang genocide sa Gaza, isang mainit na usaping nakaabot sa Pilipinas. Noong Oktubre ng parehong taon, sinubukan kong tumawid patungong Myawaddy, Kayin sa Myanmar mula Mae Sot, Thailand, dala ng hangaring masaksihan at matuklasan mismo ang sitwasyon sa Rakhine State, kung saan laganap ang ulat ng karahasan laban sa Rohingya na noon ay sa midya ko lamang naririnig. Gayumpaman, sa hanggangang Burmese-Thai, nagkaroon ako ng isang engkuwentro sa isang babae na may direktang kaalaman sa sitwasyon (*cf.* Tugano, 2022a), kahit hindi ako pinahintulutang makapasok noon sa international border. Sa kalaonan, ang karanasang ito ang magiging pundasyon at inspirasyon para sa aking mga sumunod na pagbisita sa Myanmar noong huling bahagi ng 2018.

Ang nagpapatuloy kong interes sa Cambodian genocide ay muling nagbunga ng aking ikatlong pagbisita sa kaharian noong 2023, nang bisitahin ko ang mga kilalang bartolina (*detention centers*) at pook-eksekusiyon (*execution fields*) kung saan naganap ang mga karahasan sa pagitan ng 1975 at 1979. Ang mga lugar na minsang batbat ng pagpapahirap at sakripisyo ay nananatiling malungkot na paalala ng nagpapatuloy na epekto ng Angkar sa buong bansa hanggang sa ngayon.

## V. ANG BARTOLINA



Figyur 1. Bakod na barbed wire sa paligid ng S-21. Source: Author's own photograph (2023)

Sa pagtatapos ng Digmaang Sibil sa Cambodia noong 1975, binihag ng Angkar ang buong Phnom Penh at naglunsad kalaunan ng isang brutal na kampanyang sapilitang “ilikas” ang populasyon ng lungsod patungo sa mga kanayonan, kung saan sila ay isinailalim sa sapilitang paggawa. Ito ay bilang bahagi ng tinurang “radical agrarian revolution.” Sa pagitan ng 1976 at 1977, nagpatupad ang Angkar ng malawakang pag-aresto sa mga pinaghihinalaang kaaway ng rehimen. Kinategorisa ng Angkar ang mga kaaway sa dalawa: *internal enemies*, kabilang dito ang dating mga opisyal at tagasuporta ng Pamahalaang Khmer Republic, mga minorityang etniko tulad ng mga Cham Muslim at Vietnamese, mga katutubong nasa kabundukan, mga etnikong Tsino, at mga intelektuwal; at *external enemies*, katulad ng Estados Unidos, at ang alyado nitong Thailand, at iba pang sosyalistang bansa katulad ng Vietnam at Unyong Sobyet (Documentation Center of Cambodia, 2020).

Pangunahing naapektuhan ng mga patakarang Angkar ang ordinaryong mamamayang Khmer. Isa sa pinakamadilim na lamat ng panahong ito ang S-21 (Security Office 21), isang sekretong pasilidad noon at ngayon ay nasa Khan Boeung Keng Kang, Phnom Penh. Sa lugar na ito, inilagay ang mga bilanggo at pinaghihinalaang traydor habang dumaraan sa interogasyon, pagpapahirap, at pagpatay (Documentation Center of Cambodia, 2020). Tatlong beses kong binisita ang nasabing lugar – noong 2015, 2017, at 2023 – at sa bawat pagbabalik ay palaging sumasalubong ang nakapanlulumong takot at ang nakabibinging hitsura ng mga barbed wire na nakapaligid sa gusali (Figyur 1). Sa unang tingin, isang ordinaryong bilangguan ang S-21; subalit sino ang mag-aakalang una itong itinayo noong 1962 bilang isang paaralan, ang Chao Ponhea Yat High School at ang parallel nitong Tuol Svay Prey Primary School (Ledgerwood, 1997; Documentation Center of Cambodia, 2020). Lubhang nakalulungkot pagmasdan na ang isang institusyong itinayo sana para sa paghubog ng karunungan at kinabukasan ng kabataang Khmer ay naging lunsaran ng hindi man lang masukat na mga pagdurusa ng lipunan. Katulad ng aking nabanggit sa isang naunang sanaysay (Tugano, 2022b), ginawang museo ang S-21 noong 1980, at patuloy na pinaunlad ang mga eksibit nito hanggang 2017 (Benzaquen, 2014; UNESCO, 2017). Ngayon naman, dulot ng aking huling pagbisita noong 2023, pokus ng lakbay-sanaysay na ito ang karanasan ng mga bilanggong dinadala sa kakilakilabot na nasabing pasilidad.



**Figyur 2.** Ang mga bilanggo na kinukuhanan ng larawan, pinahirapan, tinortyur, at pinaslang sa S-21.  
Source: Author's own photograph (2023)


Tinatayang 14,000 bilanggo ang pinahirapan at pinaslang sa S-21 (Figyur 2), bagaman sinasabi ng ilang tala na maaaring maliit lamang ang porsiyentong ito kompara sa orihinal na dami. May mga dinadala araw-araw sa S-21 para sa mga interogasyong politikal na pinangungunahan ng mga *santebal* (*security police*) (Documentation Center of Cambodia, 2020). Sa kanilang pagdating, ang bawat indibiduwal ay itinatala at kinukuhanan ng litrato. Sumailalim ang mga bilanggo sa estriktong patakaran—ang “Ten Regulations at S-21” – kabilang dito ang paggalang sa Angkar at sa mga *santebal*. Nilinlang ng Angkar ang mga ordinaryong Khmer gamit ang layuning “reoryentasyon” o *reeducation*, ngunit ang kanilang totoong mithiin ay siguraduhin ang katapatan ng buong populasyon sa CPK. Sapilitang pinapaamin ng mga *santebal* ang bawat bilanggo na “ikanta” ang mga lihim na kaaway ng rehimen. Kadalasan ay napipilitang mag-imbento at/o magturo ng ibang pangalan ang iniinteroga upang iligtas ang sarili. Ayon ito sa Documentation Center of Cambodia (2020), “...because the torture at S-21 was so harsh, prisoners often confessed to whatever they could think of, even if it was false.” Ang tila double standard na pilosopiya ng Angkar ay ganito—“It is better to arrest ten people by mistake than to let one guilty person go free” (Documentation Center of Cambodia, 2020)— isang malinaw na salamin ng kalupitan at karumaldumal na kondisyon sa loob ng S-21. Ang masisikip na bartolina (Figyur 3), ang mga posas sa paa (*ankle cuffs*) (Figyur 4) na kumakalansing habang ang mga biktima ay dumaranas ng hindi masukat na paghihirap, at ang mga bakas ng dugo mula sa nilaslas na lalamunan (Figyur 5), mga pinahirapan (Figyur 6), o namatay sa kagutuman (Figyur 7) — lahat ng ito ay nagsisilbing piping saksi sa mga karahasang naganap sa pasilidad, limampung taon na ang nakararaan.



**Figyur 3.** Mga masisikip na bartolina na kinulungan ng mga bilanggo. Source: Author's own photograph (2023)




**Figyur 4.** Mga posas sa paa (ankle cuffs). Source: Author's own photograph (2023)




**Figyur 5.** Bakas ng dugo mula sa nilaslas na lalamunan ng biktima. Source: Author's own photograph (2023)

Habang nagsusuruy-suroy sa loob ng S-21, hindi ko maiwasang pagnilayan ang represiyong politikal sa Pilipinas sa parehong panahon. Habang ang Angkar ay nagpupunla ng kalupitan sa mga Khmer, ang mga Pilipino naman ay dumaranas ng karahasang politikal sa ilalim ng batas militar ng diktadurang Marcos. Walang datos ang nakapagsasabing personal na magkakilala at/o nagkita sina Marcos Sr. at Pol Pot, ngunit noong Oktubre 17, 1978, bumisita si Ieng Sary sa Pilipinas at sinalubong pa mismo nina Marcos Sr. at Imelda (AP Archive, 2015). Si Sary ang deputy prime minister ng Democratic Kampuchea – kasabwat at kapwa-orchestrator ni Pol Pot sa genocide.



*Figyur 6. Ilang paraan ng tortyur na ginagawa ng mga santebal. (A) water torture sa parihabang tanke at (B) suspension/hanging o pagbibitin nang patiwarik habang nilulunod sa tubig. Source: Author's own photograph (2023)*



*Figyur 7. Kalunos-lunos na kalagayan ng mga Khmer sa loob ng bartolina. Binubuhusan ng tubig upang makaligo at/o makainom. Source: Author's own photograph (2023)*

Sa Kalakhang Maynila, ibinibilanggo ang mga kritiko sa iba't ibang pasilidad tulad ng Camp Crame, Bicutan Rehabilitation Center, at Fort Bonifacio. Bagaman sumailalim sa kamay na bakal ang buong Pilipinas, ang mga Khmer naman ay nakapiit sa masikip na bartolina ng S-21, kung saan ang kanilang pagdurusa ay pinatitindi ng walang awang kalupitan ng rehimeng Pol Pot. Parehong nakaranas ang dalawang lipunan ng matinding pang-aabuso at paglabag sa karapatang pantaon noong dekada 1970. Ang mga bilanggong Khmer, liban sa interogasyon, ay dumaan sa tortyur na kinabibilangan ng pagpapaso ng sigarilyo sa balat, pagpapakain at/o pagpapainom ng dumi at ihi, pagtusok ng karayom, elektrokusiyon, at pagbibitin nang patiwarik. Ang kababaihan ay nakaranas din ng hindi masukat na mga karahasan, kabilang ang panggagahasa at paglaslas sa mga suso (*breast mutilation*) (Documentation Center of Cambodia, 2020). Samantala, ang ilang Pilipino sa ilalim ng batas militar ay naging biktima rin ng pisikal, sikolohikal, at seksuwal na pang-aabuso, kabilang ang pagbiti, pangunguryente, at ang pamosong "San Juanico Bridge." Sa artikulo ni Melencio (2012), sinipi ang ilang kaso ng pagpitpit ng titi at bayag at sapilitang pag-utos ng pagsasalsal (*masturbation*) ng biktima. Ipinakikita ng mga pagkakahawig na, sa kabila ng magkakaibang lipunan, masasalamang ang samot-saring represiyon at karahasang pinatitingkad noon ng mga abusadong estado na tunay na pinagdusahan ng mga ordinaryong mamamayan. Ang mga tala ukol sa S-21, kasama ang mga salaysay ng mga nakaligtas at piping saksi sa mga pasilidad, ay nananatiling mabigat na paalala ng matinding kalupitan ng Angkar at ng mas malawak na pandaigdigang konteksto ng karahasan at paglabag sa karapatang pantao noong dekada 1970.


## VI. POOK-EKSEKUSIYON

Kakatapos lang noon ng isang malakas na pag-ulan, nilisan ko ang S-21 at nagtungo sa Choeung Ek Genocidal Center (Figyur 8), labing-tatlong kilometrong layo mula sa Phnom Penh. Ang espasyong ito ay isa sa tinatayang kalahating libong killing fields na kaugnay ng Angkar sa buong kaharian, subalit ang Choeung Ek ay tanyag sa kasaysayan bilang "Cambodia's notorious killing fields" (Bickford, 2009). Sa huling bahagi ng 1976, dahil sa nagkukulang nang libingan sa S-21, pinili ng Angkar na isagawa ang mga pagpatay sa kalapit na lokasyon. Ang mga inosenteng Khmer ay isinailalim sa parusang ito gamit ang mga eufemistikong anino katulad ng "smashed" at "discarded," na sa internal na pagpapakahulugan ng CPK ay katawagan sa pagpatay (Documentation Center of Cambodia, 2020).




Figyur 8. Choeng Èk Genocidal Center, Phnom Penh, Cambodia.  
Source: Author's own photograph (2023)

Habang ako'y papalapit sa genocidal center, nabalot ng matinding takot at lungkot ang aking mukha habang binabasa ang mga salaysay at talang pangkasaysayang binatbat na makikita bilang inskripsiyon sa buong lugar. Mula 1976 hanggang 1979, ang Angkar ay naglululan ng mga trak ng humigit-kumulang 300 indibidwal araw-araw patungong Choeng Èk tuwing gabi para brutal na patayin (Documentation Center of Cambodia, 2020). Ang espasyo ay naglalaman ng mga kakilakilabot na mass graves, kung saan ang bawat hukay ay naglalaman ng anim hanggang isang daang bangkay. Dahil sa mabilis na paglobo ng bilang ng mga Khmer na pinapatay araw-araw, naging limitado na ang suplay ng bala ng Angkar. Samakatuwid, pagbaril sa sentido at batok ang unang paraan ng pagpatay. Dahil dito, isinagawa ang mano-mano at brutal na mga paraan ng pagpatay, tulad ng paghataw o pagtarak at pagsaksak sa ulo, leeg, at batok gamit ang iba't ibang kagamitan tulad ng posas, ankle cuffs, palakol, kutsilyo, asarol, at iron ox-cart axles (Figyur 9). Ang mga labi na aking nasaksihan – katulad ng mga bungong binutasan (Figyur 10) – ay matinding ebidensiya ng karahasan. Ang ilan sa mga biktimang Khmer ay pinugutan nang buhay at ang iba naman ay nilalaslas ang lalamunan na parang nagkakatay lamang ng baboy. Nasabi ko noon, mabuti pa nga ang baboy, hindi niya alam na siya'y papatayin, ngunit ang mga tao roon sa Choeng Èk, nakapilang pinapanood ang bawat isang pinapatay at/o nalalagutan ng hininga. Ang sakit at pagdurusang dinanas ng mga indibidwal ay patuloy na nananatiling mabigat sa aking isipan. Bigla kong naalala ang *vicarious trauma* na tila nadala ko hanggang sa pagbalik sa hotel at sa katunayan, hanggang sa ako'y tumawid ng bansang Laos.




**Figyur 9.** Mga instrumento at/o kagamitang ginamit sa pagpatay sa genocide. Source: Author's own photograph (2023)



**Figyur 10.** Bungong may butas na isang senyales ng karumal-dumal na paraan ng pagpatay sa mga biktima. Source: Author's own photograph (2023)

Alternatibong ginamit ng Angkar ang Dichloro-Diphenyl-Trichloroethane (DDT), isang synthetic insecticide, sa mga mass graves. Orihinal itong ginamit ng mga sundalo sa kagubatan noong Digmaang Vietnam at Digmaang Sibil sa Cambodia upang labanan ang banta ng malaria at typhus. Sa Choeung Èk, ginamit ito ng Angkar sa mga sibilyan para sa dalawang pangunahing layunin: itago ang umaalingasaw na amoy ng nabubulok na bangkay upang hindi mapansin ng mga kalapit na komunidad ang malawakang pagpatay, at tiyakin na garantisadong mapapatay ang mga biktima (Documentation Center of Cambodia, 2020). Pambihirang naitago ng Angkar ang malawakang brutalidad sa mismong sentro ng lungsod.

Habang pinagmamasdan at binabasa ko ang mga inskripsiyon sa historical marker, ako'y nanahimik dahil sa bigat ng tanawin. Pumasok sa aking isipan ang pagkakaiba sa landas ng mga Pilipinong aktibista at kritiko na naaresto at nakulong noong panahon ng batas militar na nakaligtas. May pagkakataon tayong magtago, tumakas, o ang iba pa nga ay naging asylum seeker pa. Kabaligtaran ito sa mga Khmer na halos walang kamalay-malay sa sasapiting kapalaran sa Choeung Èk. Habang ang mga Pilipinong aktibista, na may dalang Molotov cocktails, ay nakaranas ng barikada, batuta, at water cannon mula sa mga pulis at militar, ang mga Khmer ay pinapatay dahil lamang sa mga simpleng paglabag at pagkakamali. Isang kalunos-lunos na kaso ang isang pitong taong gulang na batang babae sa lalawigan ng Koh Kong na, dahil sa naranasang gutom, ay kumuha ng ilang butil ng mais; bilang ganti at galit ng *santebal*, siya ay hinataw at pinalo sa ulo gamit ang asarol at inilibing na parang patay na hayop sa kalapit nitong taniman ng mais (Documentation Center of Cambodia, 2020).



**Figyur 11.** Sa punong ito isinasabit ang mga loudspeaker upang hindi marinig ang hiyaw at iyak ng mga pinapatay. Source: Author's own photograph (2023)



**Figyur 12.** Sa punong ito inihahataw ang katawan at ulo ng mga sanggol at bata upang patayin. Source: Author's own photograph (2023)

Noong kasagsagan ng batas militar sa Pilipinas, nakalilikha pa tayo ng mga awiting political na naging kritikal sa rehimeng Marcos, kabilang ang mga banda tulad ng Asin, Buklod, Apo Hiking Society, Inang Laya, at iba pa. Samantala, maraming tradisyonal at popular music na mang-aawit sa Cambodia ang kasamang pinatay at inililing sa mga mass graves, at tinatayang 90% ng mga musikero ang naging biktima ng genocide (Holocaust Memorial Day, 2018). Maraming musikero ang napilitan at/o sapilitang kumatha ng mga kantang “magpupugay” sa “kadakilaan” ng Khmer Rouge, at ang mga rebolusyonaryong slogan na sinasabayan ng musika ay pinapatugtog nang malakas sa Choeung Èk upang maikubli ang daan-dang mga sigaw, hiyaw, iyak, at pagsusumamo ng mga biktimang binubutasan sa ulo at lalamunan. Ang mga loudspeaker ay nakabitin sa mga puno (Figyur 11).

Liban sa mga punong pinagsabitan ng mga loudspeaker, nakakita rin ako ng isa pang kakilakilabot na puno na saksi sa hindi masukat na trahedya (Figyur 12), kung saan ang mga ulo at katawan ng inosenteng sanggol at bata – na kinukuha mula sa kanilang mga magulang upang patayin. Ipinanghahataw ang mga katawan ng mga sanggol at bata sa puno, dahilan upang mabasag ang ulo’t bunbunan at kumalat ang mga utak. Pagpapatibay ng Documentation Center of Cambodia (2020), “...were routinely killed by smashing their bodies against the trunk of the tree.” Sa S-21, ako’y napaluha sa panonood ng mga litrato ng mga inosenteng bata na pinadadaan sa isang “interogasyon” ng Angkar. Ano ang alam ng mga paslit sa isang interogasyong politikal na dapat ang

hawak ay mga manyika at bola? Ang mga batang ito ay walang alam at malay sa kapalarang naghihintay sa kanila, sapagkat ang kanilang munting buhay ay malapit nang wakasan sa Choeung Èk. Mula sa baluktot na pananaw ng Angkar, itinuturing na esensiyal ang pagpatay sa mga bata upang maiwasan sa hinaharap ang posibleng “paghihiganti” laban sa kanilang rehimen para sa mga karahasang ginawa laban sa kanilang mga pamilya at magulang.




*Figyur 13. Memorial tower sa Choeung Èk na pinaglalagan ng mga bungong walang pangalan at anomang pagkakakilanlan. Source: Author's own photograph (2023)*

Sa kasalukuyan, ang Choeung Èk ay nagsisilbing memorial, pinangangalagaan ng People's Republic of Kampuchea at suportadong higit ng Vietnam mula 1979 (Documentation Center of Cambodia, 2020). Nagbigay ako ng respeto at pagpupugay sa pamamagitan ng paglalagay ng bulaklak (pink lotus flower o chrysanthemum) sa isang malaking memorial tower na naglalaman ng libu-libong bungo (Figyur 13) na walang pangalan, ni pagkakakilanlan. Sila ang mga walang awang pinaslang ng Angkar. Hindi kalabisang sabihin sa mga sandaling iyon, mabuti na lamang, hindi ako ipinanganak bilang Khmer at nabuhay noong dekada 1970.

## VII. SURVIVAL IN THE KILLING FIELDS

Hiniram ko ito sa pamagat ng memoir ni Haing Ngor (1989). Tatalakayin sa bahaging ito ang natatanging karanasan ng ilang Khmer na nakaligtas sa kakilakilabot na brutalidad ng Khmer Rouge. Sa aking pagbisita sa S-21, nasilayan ko ang isang silid na naglalaman ng gallery na inilalaan sa buhay ni Mr. Khieu Sakuor (Figyur 14), isang intelektuwal na Khmer na nag-aaral noon sa Kansai University sa Japan. Panahon din ito nang simulan ng Khmer Rouge ang pagpapalaganap ng kanilang propaganda tungkol sa pagbabagong panlipunan ng buong Cambodia. Sa propagandang iyon, layon ng CPK na itatag ang isang ideyal na sosyalistang uri ng lipunan, na aktibong hinihikayat ang mga

intelektuwal ng Cambodia na bumalik sa kanilang sariling bayan at makibahagi sa pagpapaunlad ng Angkar. Kumbaga, kamukha ito ng *net brain gain*, kabaliktaran ng *brain drain* o sa konteksto ng panahong diktadurang Marcos, hinihikayat ang paglabas sa bansa ng mga Pilipino upang maging migranteng manggagawa (Onuki, 2007). Ayon sa pinakahuling pag-aaral nina Benzaquen-Gautier at Poree (2024), unang nagtungo si Sakuor sa Japan noong 1969 upang magpakadalubhasa sa pilosopiyang Buddhismo ngunit kalaonan ay lilipat at magkakaroon ng interes sa pag-aaral ng ekonomiks.




Probable photo of Sakuor at S-21  
*Figyur 14.* Si Mr. Khieu Sakuor, isang intelektuwal na Khmer, kasamang pinatay sa genocide. Source: Author's own photograph (2023)

Sa Japan, buong katahimikan at kahusayan sanang namuhay si Sakuor kompara sa sitwasyon noon ng Cambodia noon, subalit ang mapanlinlang propaganda ng CPK tungkol sa mga “pagbabago” ay siyang nagtulak sa kaniya na isaalang-alang ang pagbabalik sa kaharian noong 1974. Sa parehong taon, si Ieng Sary (kilala rin bilang Kim Trang), kalihim pa lamang noon ng Ugnayang Panlabas ng Democratic Kampuchea ay bumisita sa Japan. Apat na taong makalipas, Pilipinas naman ang bibisitahin ni Sary. Sa Japan, hinikayat ni Sary si Sakuor na bumalik sa Cambodia. Dahil dito, tuluyan siyang nakabalik sa sariling bayan noong Setyembre 1976 (Benzaquen-Gautier & Poree, 2024). Sa kasamaang palad, tatlong buwan lamang matapos ang kaniyang pagbabalik, siya ay dumaan sa interogasyon at malao’y pisikal at mental na pinahirapan sa S-21, na nauwi sa kaniyang malagim na kapalaran sa genocide noong Pebrero 1977. Ipinakita ng

karanasang ito na ang mga pangakong ginawa ng CPK tungkol sa mahalagang papel ng mga intelektuwal sa lipunang Khmer ay paglulubid-dila lamang, sapagkat ang sektor ng mga edukado ay unang target ng paglipol (Kiernan, 2008). Dahil dito, ang mga intelektuwal ay itinuring na banta sa Angkar. Si Sakuor, na nahubog sa mga pagpapatingkad ng kapayapaan, kalayaan, karapatang pantao, at pagkakapantay-pantay sa Japan, ay nagnanais sanang ipakilala ang mga ideyang ito sa Cambodia. Sa kasamaang palad, anomang pagtutol at/o pagsalungat sa Angkar ay katumbas ng kamatayan.

Naramdaman ko ang mahigpit na empatiya sa pagkadismaya ni Sakuor sa kaniyang sariling bayan. Katulad ng maraming Pilipino na nagnanais ng reporma noong halalang 2022, ang mga adhikain ni Sakuor para sa kaunlarang Khmer ay nauwi sa matinding pagkabigo hanggang sa kaniyang kamatayan. Sa parehong araw, nagkaroon ako ng natatanging pagkakataong makita, makilala, at makausap si Norng Chan Pal (Figyur 15), na kilala sa lokal na tawag na “Phal” o “Lan,” isa sa apat na bata (kasama sina Norng Chan Ly, Socheat, at Makara) na iilang paslit na nailigtas ng mga sundalong Vietnamese (Figyur 16) sa pagbagsak ng Khmer Rouge noong 1979. Ipinanganak si Phal noong 1970 sa lalawigan ng Kampot, at ang kaniyang buhay at karanasan ay detalyadong isinulat sa isang akdang biograpiya ni Kok-Thay Eng (2018) (Figyur 17). Ipinakikita ng aklat ang malagim na kuwento ng kabataan ni Phal, batbat ng pangungulila at pagdurusa. Unang pinatay ng Angkar ang kaniyang ama, si Norng Chen, habang si Phal, ang kaniyang nakababatang kapatid na si Norng Chan Ly, at ang kanilang inang si Mom Yov ay ibinartolina sa S-21. Nasaksihan ni Phal ang tortyur sa kaniyang ina, na nauwi sa kamatayan nito, at malamang na nangyari ito sa Choeung Èk. Sa kasamaang palad, marami pang miyembro ng pamilya ni Phal ang pinatay ng Angkar, kabilang ang kaniyang panganay na kapatid na si Norng Sok Chea, na namatay kasama ang sanggol nitong anak dahil sa pagsabog ng landmine habang sinusubukang tumakas patungo sa hanggahan ng Cambodia at Thailand (Eng, 2018).




**Figyur 15.** Norng Chan Pal, isang survivor ng Khmer Rouge genocide. Source: Author's own photograph (2023) (ang larawan ay may permiso ni Pal)




**Figyur 16.** Apat na batang nakaligtas sa Khmer Rouge genocide habang inililigtas ng mga sundalong Vietnamese noong 1979. Mula kaliwa: Socheat, Makara, Phal, at Ly. Source: Author's own photograph (2023)

Lumaki si Phal bilang ulila, na nakaranas ng maagang paghihirap. Mahirap na tinanggap ng aking isip na si Phal na siyam na taong gulang, sa halip na makipaglaro sa mga kaibigan o kaklase, ay nailagay sa isang sitwasyon na kailangan niyang masaksihan ang tortyur sa mga bartolina, makita ang pagpatay sa mga bata at matatanda, nakaranas na makaamoy ng mga nabubulok na bangkay, magdusa sa gutom, at makarinig ng mga sigaw mula sa bawat interrogasyon, habang natutulog sa sahig na may umaagos na dugo. Sa aking pakikipag-usap sa kaniya, sa pamamagitan ng simpleng Ingles na sinabayan ng mga kompas (*sign language*), niyakap ko si Phal, nabalot ng damdamin at napaiyak nang paulit-ulit. Ang sandaling iyon ng pag-iyak at pagyakap ay marahil nagsilbing pagkakataon upang mailabas ko ang mga pasaning dinala ko sa dibdib at kaluluwa— mga pasaning orihinal na nagmula sa klimang politikal ng Pilipinas, sa karahasan ng Digmaang Vietnam na nasaksihan ko sa War Remnants Museum, at sa personal kong koneksiyon sa Cambodia sa pamamagitan ng pagkakakilala sa isang nakaligtas ng ganitong kakila-kilabot na pangyayari.

Habang niyakap ko si Phal, sinabi ko, “Marcos won the election; Marcos is the dictator’s son,” bagaman hindi malinaw sa akin kung lubos niyang naunawaan ang mga salita ko o kung narinig at kilala man lang niya si Marcos. Tila naging espongha si Phal ng aking mga yakap at iyak, at sa kaniyang katawan ko ibinuhos ang patong-patong na kalungkutang aking naramdaman. Hanggang sa ngayon, napaluluha pa rin ako sa tuwing ibinabahagi ang karanasang ito sa harap ng aking mga mag-aaral. Habang ipinapamuwestra ko sa kanila na mapalad silang nabuhay ngayong dantaon 21 kasama ang kanilang mga magulang.



*Figyur 17. Norng Chan Phal: The Mystery of the Boy at S-21. Source: Author's own photograph (2023)*



*Figyur 18. Si Phal habang humaharap sa Khmer Rouge Tribunal noong 2009. Source: Author's own photograph (2023)*

Gayumpaman, isang katotohanan ang tumanim sa akin: tulad ng maraming Pilipino na lumalaban sa batas militar, patuloy na isinasalaysay ni Phal ang karahasan ng Khmer Rouge sa Cambodia. Sa katunayan, pinatotohanan ni Phal ang karanasan hinggil sa kalupitan ng Angkar sa harap mismo ng Khmer Rouge Tribunal noong 2009 (Figyur 18), upang turuan ang mga susunod na henerasyon ng mga Khmer na mas piliin ang kahalagahan ng kapayapaan. Sa kasalukuyan, si Phal ay nagtatrabaho sa Tuol Sleng Genocide Museum, dating kilala bilang S-21, isang lugar na sumasalamin sa kaniyang madilim at traumatikong nakaraan.

### VIII. PANGWAKAS: MAY KATARUNGAN BA SA KASAYSAYAN?

Noong 2007, ang pamahalaang Khmer, sa tulong ng pandaigdigang prosekutor ng Extraordinary Chambers in the Court of Cambodia, ay nahatulan ang limang natitirang lider ng Khmer Rouge (Kiernan, 2008). Gayumpaman, ang orchestrator ng brutalidad na ito, si Pol Pot, ay namatay nang payapa noong 1998. Walang pinagbayarang kasalanan. Isang kapansin-pansing pagkakatulad sa mga crony ni Marcos na nagpakasasa sa pera ng taumbayan, higit lalo ang mapayapang kamatayan ni Ferdinand E. Marcos Sr. noong 1989—habang nasasangkot sa mga legal na kaso noong 1987 sa harap ng hukuman sa Hawai'i tungkol sa paglabag sa karapatang pantao kaugnay ng pagpataw ng batas militar. Binalahura ang cremation at kasalukuyang libingan ni Pol Pot sa Anlong Veng, Oddar Meanchey na bagama't hindi ko personal na narating, ayon kay Johnson (n.d.), isinagawa ang cremation sa mismong kubeta ni Pol Pot, na hanggang sa ngayon ay itinuring ang lugar bilang bahagi ng “dark tourism.” Samantala, tayo dito sa Pilipinas, naglibing ng isang diktador sa “Libingan ng mga Bayani.” Ang nabubulok na libingan nina Pol Pot at Marcos Sr. ay tanda hindi ng kanilang kadakilaan, kung hindi ng

pagkamatay ng mga ordinaryong mamamayan sa Cambodia at Pilipinas noong dekada 1970.

Isang mahalagang puntong aking idiniin sa paghahambing ng dalawang diktador na walang sinoman sa kanila ang nakaranas ng bartolina at pook-eksekusiyon na katulad ng dinanas ng mamamayang Khmer at Pilipino sa panahon ng mga karahasan. Ang bayan ay nakaranas ng limpak-limpak na kawalang-katarungan sa kamay ng mga brutal, kabilang ang pagkamatay at tortyur ng milyon-milyong Khmer at libu-libong Pilipino, na marami sa kanila ay nananatiling walang katarungang nakamit. Hindi ko ibig-ipakahulugang mas mababaw ang naging karanasan ng mga Pilipino noong dekada 1970, gayundin, hindi rin ito pagmamalabis sa sinapit ng mga Khmer. Kailangang mabigyan ng maingat na pansin ang ganitong uri ng komparatibong pagtatala ng karanasan upang maiwasan ang tinatawag na *comparative suffering*, at sa gayon, hindi ma-invalidate ang pagdurusa ng mga Pilipino. Ang *comparative suffering* ay isang kaisipang nag-uugnay ng sariling karanasan ng pagdurusa sa paghahambing sa iba, na agad na humahantong sa ilehitimasyon ng sariling paghihirap tungo sa paniniwalang “mas malala ang kalagayan ng iba,” at bise-bersa (*cf.* Brown, 2015).

Ang bilang ng mga nasawi ay hindi dapat gamitin bilang tanging batayan upang tukuyin kung alin sa Cambodia o Pilipinas ang nakaranas ng mas madilim na trahedya sa kasaysayan. Ang sentro ng argumento ay ang pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga brutal na pinuno, na nag-iwan sa kanilang mamamayan ng lamat ng pagdurusa hanggang sa ngayon. Limang dekada na ang lumipas mula noong naranasan ng Cambodia at Pilipinas ang pinakamadilim na yugto ng kanilang kontemporaryong kasaysayan, subalit patuloy pa rin ang parehong bansa na nakikipaglaban sa malawakang kahirapan at korapsiyon.

Habang milyon-milyong Khmer ang namatay sa ilalim ng Khmer Rouge at libu-libong aktibista at kritiko ang nawala noong panahon ng batas militar sa Pilipinas, nananatiling bukas ang tanong: Kung hindi sana inusig ang mga taong iyon, sino ang makapagsusulong ng pagbabago sa lipunan kung sila ay buhay pa ngayon? Mula sa hanay ng mga namatay, sino sa mga iyon ang sana’y nagdala sa Cambodia at Pilipinas ng kaningningan? Gayundin, paano kaya naiiba ang kasalukuyang kalagayan sa dalawang bansa kung nabuhay ang mga taong iyon? Bagaman ang trahedya ng kasaysayan dulot ng Khmer Rouge at batas militar ay hindi na mababago at maibabalik pa, may mga pagkakataon pa rin sa ating mga kamay na hindi mauulit ang parehong pagkakamali sa ating kasaysayan. Ang pagkakataong ito ay nakasalalay sa pag-aaral sa sariling nakaraan, at higit pa rito, mula sa karanasan ng iba. Sabi nga ni Xiao Chua (2023), “walang nagwawagi sa digmaan.”

## IX. PASASALAMAT

Kinikilala sa pananaliksik na ito ang paunang komentaryo at mga suhestiyon ni Dr. Gloria E. Melencio, Senior Lecturer sa Departamento ng Agham Panlipunan, Unibersidad ng Pilipinas Los Baños.

## X. REFERENCES

- Amnesty International. (2022, April 25). *Five things to know about Martial Law in the Philippines*. Amnesty International. <https://www.amnesty.org/en/latest/news/2022/04/fivethings-to-know-about-martial-law-in-the-philippines/>
- AP Archive. (2015, July 24). *Synd 18 10 78 Cambodian Deputy PM Sary arriving in the Philippines* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=tOWhY2Y6Pc4>
- BBC News. (2017, February 20). *Angelina Jolie on Cambodia, politics and a difficult year*. BBC News. <https://www.bbc.com/news/world-asia-39021496>
- Benzaquen, S. (2014). Looking at the Tuol Sleng Museum of genocidal crimes, Cambodia, on Flickr and YouTube. *Media, Culture & Society*, 36(6), 790–809. <https://doi.org/10.1177/0163443714532983>
- Benzaquen-Gautier, S., & Poree, A.-L. (2024). Conclusion: Towards a historiographical kaleidoscope. In S. Benzaquen-Gautier & A.-L. Poree (Eds.), *Tuol Sleng Genocide Museum: A multifaceted history of Khmer Rouge crimes* (pp. 294–298). Brill.
- Bickford, L. (2009). *Transforming a legacy of genocide: Pedagogy and tourism at the killing fields of Choeung Ek*. International Center for Transitional Justice. <https://www.ictj.org/sites/default/files/ICTJ-Cambodia-Choeung-Ek-2009-English.pdf>
- Brown, B. (2015). *Rising strong: The reckoning. The rumble. The revolution*. Random House.
- Buenaventura, N. B. (2024). Pagsasalang audio-visual sa pagtatagpong sosyo-kultural ng Pilipinas at Cambodia. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 30(2), 11–24.
- Chandler, D. (1986). A revolution in full spate: Communist Party policy in Democratic Kampuchea, December 1976. *International Journal of Politics*, 16(3), 131–149. <https://www.jstor.org/stable/27868905>
- Chua, M. C. (2023). Walang nagwawagi sa digmaan: Ang aking paglalakbay sa Vietnam (A. L. Pingul, Trans.). In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 184–186). Limbagang Pangkasaysayan.
- Documentation Center of Cambodia. (2020). *A history of Democratic Kampuchea (1975–1979)* (2nd ed.). Documentation Center of Cambodia.
- Eng, K.-T. (2018). *Norng Chan Phal: The mystery of the boy at S-21; A story of family, love and the struggle to rebuild life after the Khmer Rouge genocide*. Cambodian Institute for Peace and Development.
- GMA Integrated News. (2017, November 25). *Atom Araullo on why Pinoys should care about the Rohingya crisis* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=ZMepGTw6XS8>
- Headley, T. (2018, September 7). *The lingering effects of the Cambodian genocide on education*. The Diplomat. <https://thediplomat.com/2018/09/the-lingering-effects-of-the-cambodian-genocide-on-education/>
- Hidalgo, C. P. (2020). Helen Yap: Translation and self-exploration in travel writing. *Unitas*, 93(2), 126–181. <https://unitasust.net/wp-content/uploads/2020/11/UNITAS-93-2-Pantoja-Hidalgo-Helen-Yap.pdf>

- Holocaust Memorial Day. (2018). *Cambodia: A song sheet*.  
<https://www.hmd.org.uk/wp-content/uploads/2018/06/Cambodia-a-song-sheet.pdf>
- Javar, R., Asuncion, R. J., Tugano, A. C., & Santos, M. J. (2022). 50-50: *Talambuhay ng mga pangunahing personalidad ng Batas Militar*. Limbagang Pangkasaysayan.
- Johnson, G. (n.d.). *The surreal grave of Pol Pot*. Young Pioneer Tours.  
<https://www.youngpioneertours.com/the-surreal-grave-of-pol-pot>
- Jolie, A. (Director). (2017). *First they killed my father* [Film]. Netflix.
- Kiernan, B. (2008). *The Pol Pot regime: Race, power, and genocide in Cambodia under the Khmer Rouge, 1975–79* (2nd ed.). Yale University Press.
- Kimuell-Gabriel, N. (2023). Ang paglabas ng bansa bilang pagpasok sa realidad ng manggagawa at kababaihan sa buong daigdig. In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 96–102). Limbagang Pangkasaysayan.
- Ledgerwood, J. (1997). The Cambodian Tuol Sleng Museum of genocidal crimes: National narrative. *Museum Anthropology*, 21(1), 82–98.  
<https://doi.org/10.1525/mua.1997.21.1.82>
- Melencio, G. E. (2012, December 4). *Adora Faye de Vera*. Martial Law Files: A History of Resistance. <https://martiallawfiles.wordpress.com/2012/12/04/adora-faye-de-vera-2/>
- Miguel, M. L., & Perida, F. A. (2024). Pahambing na pagsusuri sa mga isyung panlipunang itinatampok sa ilang akdang salin mula sa mga piling bansa sa Timog Silangang Asya (Cambodia, Singapore, Indonesia, at Thailand). *Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura*, 8, 132–157.
- Ngor, H., & Warner, R. (1989). *Survival in the killing fields: The Cambodian odyssey of Haing S. Ngor* (New ed.). Pan Books.
- Onuki, H. (2007). Migration workers as political subjects: Globalization-as-practices, everyday spaces, and global labour migrations. *Refuge: Canada's Journal on Refugees*, 24(2), 125–134. <https://doi.org/10.25071/1920-7336.21390>
- Sebastian, R. R. (2023). Gunita ng paglalakbay sa Vietnam at Cambodia. In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 182–183). Limbagang Pangkasaysayan.
- Sills, P. (2014). *Toxic war: The story of Agent Orange*. Vanderbilt University Press.
- Summers, L. (1972). The Cambodian civil war. *Current History*, 63(376), 259–262, 278.  
<https://www.jstor.org/stable/45312769>
- Teodoro, J. I. E. (2019–2020). Limang tulang Cambodia. *TOMÁS: The Journal of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies*, 3(2), 32–37.
- Thomson, S. (2017). The long shadow of genocide in Rwanda. *Current History*, 116(790), 183–188. <https://www.jstor.org/stable/48614260>
- Tugano, A. C. (2020). Hidden sacrifices: Narratives of select Filipina overseas workers in Southeast Asia. *Social Sciences and Development Review*, 12(1), 95–116.  
<https://doi.org/10.70922/skx8v94>

- Tugano, A. C. (2021a). Mga gunita sa aking paglalakbay (2014–2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa. *Dalumat E-Journal*, 7(2), 1–25. <https://www.researchgate.net/publication/351287545>
- Tugano, A. C. (2021b, November 9). Wikang Filipino tungo sa kaunawaan at kakanyahang Asyano: Gunita ng isang Pilipinong manlalakbay sa mga pronterang Timog Silangang Asya. *KWF Sanaysay ng Taon 2021, Ikatlong Gantimpala*. Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).
- Tugano, A. C. (2020a). Ang identidad ng relihiyon, ang relihiyon ng identidad: Isang anekdotal na tala bilang manlalakbay sa Timog-Silangang Asya. *Katipunan Journal*, 9(1), 97–142. <https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol9/iss1/8>
- Tugano, A. C. (2020b). Sa repositoryo ng mga kulturang materyal: Personal na tala ng paglalakbay ukol sa mga museo sa ibayong dagat ng Asya-Pasipiko at Europa. *Entrada Journal*, 8(1), 93–143. <https://doi.org/10.70922/d8797v42>
- UNESCO. (2017). *The Tuol Sleng Genocide Museum: UNESCO Memory of the World Program and the reorganization of the museum*. United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization. <https://www.unesco.org/new/en/culture/themes/museums/museumprojects/archive>